Ang pinakamainam sa mga Kasamahan ay apat, ang pinakamabuti sa mga batalyon ay apat na raan, ang pinakamainam na hukbo ay apat na libo, at hindi magagapi ang labindalawang libo dahil sa kakauntian [nila].

Ayon Ibnu `Abbās, malugod si Allah sa kanya: "Ang pinakamainam sa mga Kasamahan ay apat, ang pinakamabuti sa mga batalyon ay apat na raan, ang pinakamainam na hukbo ay apat na libo, at hindi magagapi ang labindalawang libo dahil sa kakauntian [nila]."

[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ang kahulugan: Ang pinakamagandang nakasama [ng Propeta] ay apat. Ang pinakamainam na batalyon ay ang binubuo ng apat na raan. Ang pinakakapaki-pakinabang na hukbo ay ang umabot sa apat na libo. Ang hukbo, kapag umabot ang bilang nito sa labindalawang libong sundalo, pataas, ito ay hindi matatalo. Kapag naman natalo, ito ay hindi natalo dahil sa kakauntian ng bilang nito. Natalo lamang ito dahil sa ibang mga kadahilanan, gaya ng kakulangan sa pagrerelihiyon, o paghanga sa dami, o pagkasadlak sa mga pagsuway, o kawalan ng kawagasan kay Allah, pagkataas-taas Niya, at mga tulad niyon.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5956